

“5 pagkakataon” ng pagtaas ng panganib ng pagkahawa ng Covid-19

① Pagsasalo at pag-inom ng alak

- Tumataas ang panganib ng pagkahawa sa mga pagkakataon na may maliit na tinutuluyan, matagal na pananatili at may madaming kalahok.
- Ang pag-inom mula sa parehong baso o kaya ay paggamit ng chopstick na ginamit ng iba ay nagpapataas din ng panganib ng pagkahawa.



② Pagkain kasama ng madaming tao at matagal na pananatili sa kainan.

- Mas mataas ang panganib ng pagkahawa sa matagal na pananatili at pagkain sa kainan kumpara sa sandaliang pananatili dito.
- Tumataas din ang panganib ng pagkahawa kapag maraming kasamang tao dahil mahirap iwasan na mapalakas ang boses at tumalsik ang laway sa mga ganitong pagkakataon.



③ Pag-uusap nang walang mask

- May mga natuklasan din na kaso ng pagkahawa dahil sa hindi pagsuot ng mask. Isang halimbawang kaso ay ang mga nahawa mula sa pag-kakaraoke sa hapon.
- Mag-ingat din tungkol sa kapaligiran tuwing sumasakay sa kotse o bus.



④ Sama-samang Pamumuhay sa isang maliit na lugar

- Tumataas ang panganib ng pagkahawa mula sa sama-samang pamumuhay dahil sa mataagal na pananatili ng mga naninirahan sa isa saradong lugar.
- Mayroon din mga pinaghihinalaang kaso mula sa mga lugar na ginagamit ng madaming tao tulad ng mga kuwarto sa dorimitoryo at mga banyo.



⑤ Paglipat mula sa lugar ng trabaho papunta sa pahingahan.

- Tumataas ang panganib ng pagkahawa mula sa pagkakampante ng mga tao pagkagaling mula sa kanilang trabaho at pagsimula ng kanilang oras ng pahinga.
- Mayroong mga kaso na pinghihinalaan na ang lugar ng pagkahawa ay ang mga silid-pahingahan, silid para sa mga maninigarilyo at silid-bihisan.

